Mga Closed-Circuit Television Camera

Ano ang teknolohiyang ito?

Ipinapanukala ng Seattle Police Department (SPD, Kagawaran ng Pulisya ng Seattle) ang mga closed-circuit television (CCTV) camera system upang mapigilan at matukoy ang mga gawaing pangkrimen. Ipinapanukalang i-install ang mga CCTV camera system sa mga partikular na lokasyon kung saan talamak ang pamamaril, human trafficking, at paulit-ulit na krimeng felony. Ihaharap ang mga camera sa kalye, bangketa, at iba pang pampublikong lugar, at magpapaskil ng mga karatulang tutukoy sa mga ito. Ang mga security system na pribadong pag-aari ay puwede ring magbahagi sa SPD ng mga video stream ng mga pampublikong lugar.

Bakit natin gagamitin ang teknolohiyang ito?

Ang mga CCTV camera system ay makatutulong sa mga tagapagsiyasat sa pagkolekta ng ebidensiyang may kinalaman sa malulubha at mararahas na krimen, gaya ng homicide, assault at iba pang pagkakasala. Puwedeng makatulong ang CCTV system sa mga tagapagsiyasat sa pagtukoy ng mga suspek, pagpapawalang-sala ng mga inosente, at pag-aalis sa kalye ng mga sandatang maaaring makamatay, na makababawas sa peligro ng kapahamakan sa publiko.

Kasalukuyang isinasagawa ang malayang pagkokomento para sa teknolohiyang ito. Puwede kang magbigay ng mga komento sa **Seattle.gov/Surveillance**.

Ang lahat ng komento ay isasama sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) tungkol sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho ng Lungsod.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa ibang pagkakataon bukod sa panahon ng malayang pagkokomento, isumite ito nang direkta sa Konseho ng Lungsod gamit ang mga email sa https://seattle.gov/council.

Pagkolekta

Ang data ng CCTV ay pansamantalang itatabi sa system nang 30 araw sa pinakamatagal maliban kung may ebidensiya ito ng isang krimen at sa ganitong pagkakataon, itatabi ito sa secure na elektronikong imbakan ng ebidensiya ng SPD. Saklaw ng Policy 7.010 (Patakaran 7.010) ng SPD ang pagsusumite ng ebidensiya, at iniaatas nito na idokumento ang lahat ng nakolektang ebidensiya sa isang General Offense Report (Ulat ng Pangkalahatang Pagkakasala).

Paggamit

Ang layunin ng paunang programa ng CCTV ay upang maiwasan ang kakulangan sa mga taong tagatanod at tagapagsiyasat na hindi pa nangyayari, gamit ang mga teknolohiyang batay sa ebidensiya at nakaayon sa pamantayan ng industriya upang mapigilan at matukoy ang paulit-ulit na pag-uugaling ipinagbabawal ng batas, pamamaril, at human trafficking sa mga partikular na lugar kung saan talamak ang krimen. Isinasaalang-alang bilang mga lugar na posibleng unahin ang Aurora Avenue North, Belltown, Chinatown-International District, at Downtown Commercial Core.

Mga Proteksiyon

Upang mabawasan ang di-sadyang pagkolekta ng data, ilalagay ang mga CCTV camera upang kunan ang mga kaganapan sa mga pampublikong lugar na karaniwang nakikita kung saan tiyak na walang makatwirang inaasahang privacy.

Awtomatikong nililimas ang mga nirekord na video sa CCTV pagkaraan ng 30 araw maliban kung kinolekta ang footage bilang ebidensiya sa pagsisiyasat ng isang krimen. Bukod pa rito, magpapanatili ang mga CCTV camera system ng kompletong audit log ng mga aktibidad na puwedeng tingnan anumang oras ng Office of the Inspector General for Public Safety (Tanggapan ng Punong Inspektor para sa Kaligtasan ng Publiko).

City of Seattle